



TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

KAUTUSANG PAMBAYAN BLG. 12-01
Mga May-akda: Kag. Maurito C. Sison
Kag. Walter C. Martinez

KAUTUSAN NA NAGTATAKDA NG MGA REGULASYON SA MGA MAY-ARI NG PAUPAHANG BAHAY, APARTMENT, BOARDING HOUSE AT IBA PANG KATULAD NA PAUPAHAN SA BAYAN NG GENERAL TRIAS, AT MGA KAUKULANG PARUSA SA PAGLABAG NITO.

SAPAGKAT, sa kasalukuyan ay dumarami na ang bilang ng mga paupahang bahay, apartment, boarding house at iba pang katulad na paupahan sa bayan ng General Trias;

SAPAGKAT, ang ganitong kasalukuyang sitwasyon ay sanhi ng patuloy na pagtaas ng populasyon dulot ng migrasyon, at ang pagdami ng mga manggagawa at mag-aaral na nagmula pa sa ibang bayan o lalawigan;

SAPAGKAT, ang kawalan o pagkalayo sa kanilang mga permanenteng tahanan ang nagiging dahilan upang ang mga tao ay mangupahan na lamang;

SAPAGKAT, kaakibat ng pagdami ng bilang ng mga paupahang bahay, ang Pamahalaang Bayan ng General Trias ay kinakailangang magtakda ng mga regulasyon ukol dito;

KUNG KAYA'T, isinasabatas ng Sangguniang Bayan ng General Trias, na:

Seksyon 1. PAMAGAT NG ORDENANSA

Ang Ordenansang ito ay kikilalanin at tatawaging kautusan na nagtatakda ng mga regulasyon para sa mga may-ari ng paupahang bahay, apartment, boarding house at iba pang katulad na paupahan sa bayan ng General Trias at mga kaukulang parusa sa paglabag nito.

Seksyon 2. DEKLARASYON NG POLISIYA

Ang Pamahalaang Bayan ng General Trias ay naglalayong panatilihin ang kaligtasan at kaayusan ng pamumuhay ng mga mamamayan sa pamamagitan ng matuwid na pamamahala ng mga nanunungkulan dito at pagsasabatas ng mga kautusang nagpapatibay sa pagkakaroon ng mapayapang pamayanan.

Seksyon 3. SAKOP NG ORDENANSA

Ang ordenansang ito ay ipapatupad sa lahat ng may-ari ng paupahang bahay, apartment, boarding house at iba pang katulad na paupahan sa bayan ng General Trias.

Seksyon 4. MGA KAHULUGAN

Paupahang Bahay/Apartment/Boarding House/ - anumang istraktura na nagpapahintulot sa mga tao na manirahan dito kapalit ng halagang mapagkakasunduan bilang kabayaran.

MAY KARUGTONG SA SUSUNOD NA PAHINA.

CHRISTOPHER N. CUSTODIO
Kagawad

LAMBERTO M. CARAMPOT
Kagawad

ARTURO P. TACOS
Kagawad

MAURITO C. SISON
Kagawad

WALTER C. MARTINEZ
Pangulo, ABC

KEBY J. BALAZAR
Kagawad

MARIO C. AMANTE
Kagawad

RICHARD R. PARIN
Kagawad



TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

Karugtong...pahina 2 ng Kautusang Pambayan Blg. 12-01:

KAUTUSAN NA NAGTATAKDA NG MGA REGULASYON SA MGA MAY-ARI NG PAUPAHANG BAHAY, APARTMENT, BOARDING HOUSE AT IBA PANG KATULAD NA PAUPAHAN SA BAYAN NG GENERAL TRIAS, AT MGA KAUKULANG PARUSA SA PAGLABAG NITO.

Seksyon 5. MGA KAUTUSAN

1. Ang lahat ng may-ari ng paupahang bahay, apartment, boarding house at iba pang kauri nito ay inaatasang iparehistro ang kanilang paupahan sa Municipal Business Permit and Licensing Office.
2. Ang lahat ng may-ari ng paupahang bahay, apartment, boarding house at iba pang katulad na paupahan ay kinakailangang hingian ang mga nangungupahan ng Xerox copy ng mga sumusunod na dokumento.

- | | | |
|--------------------------|---|---|
| Para sa isang pamilya | - | kopya ng identification card (ID) at sedula ng ama o head of the family |
| Para sa mga nagtatrabaho | - | kopya ng employment identification card (ID) at sedula ng lahat ng miyembrong pamilya na nagtatrabaho |
| Para sa mga nag-aaral | - | kopya ng school ID sa mga estudyante sa kolehiyo |

3. Matapos makilala ang mga nangungupahan, ang lahat ng may-ari ng paupahan ay inaatasang samahan ang mga ito sa Tanggapan ng Punong Barangay para sa pagpapatala (registration) at pagkuha ng sertipikasyon na magpapatunay na ang nasabing tao o mga tao ay bagong residente ng barangay.

Seksyon 6. TUNGKULIN NG PAMAHALAANG BARANGAY

Ang Tanggapan ng Barangay ay inaatasan na i-monitor ang lahat ng paupahan sa kanilang nasasakupan upang masiguro na ang mga ito ay may kaukulang lisensya mula sa Munisipyo at ang lahat ng nangungupahan dito ay rehistrado.

Seksyon 7. MGA KAUKULANG PARUSA

Ang sinumang lumabag sa kautusang ito ay papatawan ng mga sumusunod na kaukulang parusa:

Para sa may-ari ng paupahan na hindi nagparehistro sa Municipal Business Permit and Licensing Office:

Unang Paglabag	-	P	1,000.00
Ikalawang Paglabag	-		1,500.00
Ikatlong Paglabag o Higit pa	-		2,500.00 at pagpapasara ng paupahan

MAY KARUGTONG SA SUSUNOD NA PAHINA.

CHRISTOPHER N. CUSTODIO
Kagawad

LAMBERTO M. GRAMPOT
Kagawad

ARTURO P. TACOS
Kagawad

MAURITO C. SISON
Kagawad

WALTER C. MARTINEZ
Pangulo, ABC

KERBY J. SALAZAR
Kagawad

MARIO C. AMANTE
Kagawad

RICHARD R. PARIN
Kagawad



TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

Karugtong...pahina 3 ng Kautusang Pambayan Blg. 12-01:

KAUTUSAN NA NAGTATAKDA NG MGA REGULASYON SA MGA MAY-ARI NG PAUPAHANG BAHAY, APARTMENT, BOARDING HOUSE AT IBA PANG KATULAD NA PAUPAHAN SA BAYAN NG GENERAL TRIAS, AT MGA KAUKULANG PARUSA SA PAGLABAG NITO.

Para sa may-ari ng paupahan na hindi nagpatala sa Tanggapan ng Barangay ng mga nangungupahan:

Unang Paglabag	-	P	1,000.00
Ikalawang Paglabag	-		1,500.00
Ikatlong Paglabag o Higit pa	-		2,500.00 at pagpapasara ng paupahan

Para sa mga nangungupahan o boarder na hindi magpatala sa Tanggapan ng Barangay:

Unang Paglabag	-	P	500.00
Ikalawang Paglabag	-		1,000.00
Ikatlong Paglabag o Higit pa	-		2,000.00

Ang lahat ng anumang halaga na malilikom mula sa parusang ipapataw ay paghahatian ng ayon sa mga sumusunod:


Municipal Government	-	60%
Barangay Government	-	40%


Seksyon 8.

Ang Ordenansang ito ay magkakabisa matapos mapag-aralan ng Sangguniang Panlalawigan at maipaskil sa matataong lugar sa loob ng labinlimang (15) araw.

PINAGTIBAY noong IKA-07 NG PEBRERO 2012.


MAURITO C. SISON
Kagawad


ARTURO P. TACOS
Kagawad



LAMBERTO M. CARAMPOT
Kagawad


CHRISTOPHER N. CUSTODIO
Kagawad


RICHARD R. PARIN
Kagawad


MARIO C. AMANTE
Kagawad


KERBY J. SALAZAR
Kagawad


WALTER C. MARTINEZ
Pangulo, ABC

RONALD A. LUMUNSAD
Kagawad
(On Sick Leave)

JIM DOMINIC M. CULANDING
Pangulo, SKF
(On Leave)

MAY KARUGTONG SA SUSUNOD NA PAHINA.





Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Kabite
Bayan ng General Trias

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

Karugtong...pahina 4 ng Kautusang Pambayan Blg. 12-01:

KAUTUSAN NA NAGTATAKDA NG MGA REGULASYON SA MGA MAY-ARI NG PAUPAHANG BAHAY, APARTMENT, BOARDING HOUSE AT IBA PANG KATULAD NA PAUPAHAN SA BAYAN NG GENERAL TRIAS, AT MGA KAUKULANG PARUSA SA PAGLABAG NITO.


CHRISTOPHER N. CUSTODIO
Kagawad


PINAGTIBAY:


FERNANDO P. CAMPAÑA
Pangalawang Punong Bayan/Tagapangulo

BINIGYANG PANSIN:


LUIS A. FERRER IV
Punong Bayan

PINATUNAYANG WASTO:


WENCESLAO P. CAMINGAY
Kalihim


WALTER C. MARTINEZ
Pangulo, ABC


LAMBERTO M. CARAMPO
Kagawad


KERBY J. SALAZAR
Kagawad


ARTURO P. TACOS
Kagawad

mjm/app/jrp/jdj


MARIO C. AMANTE
Kagawad


MAURITO C. SISON
Kagawad


RICHARD R. PARIN
Kagawad